
GRADE VI

# PAKIKIPAG-UGNAYAN NG PILIPINAS SA IBA'T IBANG PANAHON

## ALAMIN MO

Tingnan mo ang mapa ng Mundo




*Sa mapa ng mundo, sa ano-anong bansa sa palagay mo nakikipag-ugnayan ang bansa natin ngayon?*

*Ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang bansa ay isang paraan upang umunlad ang ating pamumuhay.*

*Ano-anong paraan ang ginawang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa panahon ng mga ninuno, Amerikano, Espanyol at sa Ikatlong Republika?*

Ito ang tatalakayin sa modyul na ito.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bilang isang bansang malaya alam natin ang ating mga karapatan. Isa-isahin mo muli ang iyong mga karapatan sa pagsagot ng mga isinasaad sa bawat pangungusap. Isulat kung anong karapatan ang hinihingi sa bawat bilang. (karapatan sa pantay na pagkilala, karapatang mamahala sa nasasakupan, karapatang mag-angkin ng ari-arian, karapatang makipag-ugnayan, karapatang ipagtanggol ang kalayaan.)

1. Ang mga gusaling pambayan tulad ng paaralan, kampo at kutang miliitar, mga embahada ay pawang pag-aari ng bansa.

2. Nagpapadala ang Pilipinas ng sugo, kinatawan o embahador sa ibang bansa.

3. Hindi ito maaaring pakialaman ng ibang bansa.

4. Maaring bilhin ng pamahalaan ang anumang ari-arian ng pribadong tao kung gagamitin sa kapakanang pampubliko.

5. Tungkulin ng Pilipinas na huwag manghimasok sa mga gawain o suliraning panloob ng ibang bansa.

Nasagot mo bang mabuti ang pagsubok na ito?

Kung gayon nakahanda ka na sa susunod na aralin.

## PAG-ARALAN MO

Mulat na ang karaniwang mamamayan sa katotohanan na ang bansa tulad ng tao ay hindi maaring mabuhay nang nag-iisa. Kailangan nito ang tulong mula sa ibang bansa lalo na kung ito ay maliit na gaya ng Pilipinas.

Suriin mo ang tsart na ito.

- Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas
  - Unang Panahon
  - Panahon ng Espanyol
  - Panahon ng Amerikano
  - Panahon ng Ikatlong Republika

Simulan mo ang pagbasa sa unang panahon.

Pagmasdan mo ang larawan.



*Sino-sino sila?*

*Basahin mo ang teksto:*

Bilang isang bansang nagsasarili, nagsimula nang makipag-ugnayan ang ating mga ninuno na may kinalaman sa ekonomiya. Sila ay nakipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng kalakal sa mga dayuhang tsino.

Bukod sa Tsina, nakipag-ugnayan din sila sa Hapones, Indian, Borneo at Arabe sa pamamagitan ng palitan ng produkto o barter.

Ang produktong porselana, seda, lambat, payong, tsinelas at iba pa ay galing sa Tsina. Nakipagpalitan naman ang Pilipinas sa Tsina sa produktong kabibe, perlas at pagkit.

Makikita ang impluwensya ng mga Tsino sa pagkain, pananamit, kaugalian, wika at kagamitan. Ang impluwensya naman ng Indian ang nagbigay ng kaalaman sa bansa natin na gumawa ng gitara, pagmimina ng apog, paggamit ng pantalong hapit at burdadong kalakal.

Natutuhan ng mga Pilipino sa Hapones ang pag-aalaga ng bibe, isda mula sa palaisdaan at negosyong tingian.

Pagdating ng Arabe, lumaganap ang relihiyong Islam at naitatag ang Pamahalaang Sultanato.

*Ano ang ginagawang pakikipag-ugnayan ng mga dayuhan sa bansa natin? Isa-isahin mo nga ito.*

*Anong magandang epekto ang nagawa ng pakikipagkalakalan ng sinaunang Pilipino sa mga dayuhan?*

Basahin mo naman ang iuulat ng unang pangkat tungkol sa panahon ng pakikipag-ugnayan sa Espanyol.

| | |
|---|---|
| Eric | : Dahil sa pinakamatagal ang naging ugnayan ng Espanyol sa Pilipinas hindi kataka-taka na malaki rin ang naging impluwensya sa atin nito tulad ng paraan ng pagsamba, pananalita, pananamit, pag-uugali at pati na sa pagluluto ng pagkain. |

| | |
|---|---|
| Sarah | : Ang pagdiriwang na panrelihiyon tulad ng piyesta, binyag, prusisyon pagdiriwang ng pasko, sinakulo, pasyon ang ilan sa mga impluwensya ng mga Espanyol sa Pilipinas. |

| | |
|---|---|
| Angelo | : Alam ba ninyo na ang simbahang Katoliko, paaralan, ospital ay ipinatayo rin ng Espanyol sa mga lalawigan at lungsod. |

| | | |
|---|---|---|
| Neneth | : | Kaya kilalang-kilala ang pinakamatandang Unibersidad sa Asya, ang Unibersidad ng Sto.Tomas sa Maynila at ag Simbahan ng Sto. Domingo sa Lungsod ng Quezon. |

Batay sa inulat ng mga bata ano ang ginawang pakikipag-ugnayan ng Espanyol na nag-iwan ng malaking impluwensya sa kultura ng mga Pilipino?

May nakuha bang malaking tulong ang mga Pilipino sa pakikipag-ugnayan sa Espanyol? Sa anong paraan?

Suriin mo naman ang sumusunod na pahayag ng ilan sa ating mga kababayan tungkol sa pakikipag-ugnayan natin sa Amerika.



"Ang Amerika ang tumutulong sa atin upang makabangon sa kahirapan dulot ng pagsakop sa atin ng mga Hapon noong World War II. Nagkaroon ng mga patakarang pang-ekonomiya upang umunlad ang ating kabuhayan."



"Pinapayagan ng Pilipinas na magtayo ang Amerika ng Military at Naval Base, gaya ng Clark Air Base at Subic Naval Base sa Olongapo."



"Ang Visiting Forces Agreement (VFA) ay ugnayang panlabas na binubuo ng Pilipinas at Amerika pagkatapos lisanin ng Amerika ang Pilipinas nang mapaalis ang base militar."





"Hindi naging maganda ang naging reaksyon ng Amerika nang paalisin ng Pilipinas ang base militar kaya naghigpit ito sa mga produktong iniluluwas ng mga negosyanteng Pilipino sa kanila."



"Nagkaroon ng matinding epekto sa ekonomiya ng daigdig ang pagbagsak ng World Trade Center noong September 11,2001. Bilang bahagi ng patakarang panlabas ng Pilipinas, ipinahayag ng Pangulong Arroyo ang lubos na suporta ng Pilipinas sa Amerika laban sa terorismo."

Sa Ikatlong Republika, bawat pangulo na namuno ay malayang nakikipagkalakalan.

Basahin mo ang ginawang mensahe nina Manuel L. Quezon, Elpidio Quirino, Ramon Magsaysay, Carlos P. Garcia, Diosdado Macapagal at Ferdinand E. Marcos.





"Sa aking panungkulan noon, binigyang diin ko ang kasunduan sa kabuhayan at kaligtasan ng aking mga mamamayan.
Sa kasalukuyang administrasyon natatamasa ang kaginhawaan ng mga mamamayan sa kasunduang kabuhayan at kaligtasan, wika ni Manuel L. Quezon."



"Bilang pangalawang pangulo ng Ikatlong Republika minabuti kong ipairal ang pagpapabuti ng kasunduang pangkaligtasan. Inanyayahan ko ang mga pinuno ng mga bansa sa Asya na dumalo sa ating bansa upang magkaroon ng samahan sa pagtataguyod ng magandang kalipunan," wika ni Elpidio Quirino.



"Sa aking panunungkulan itinatag ko ang Samahan ng Pakikipagkasundo sa Timog Silangang Asya (Southeast Asia treaty Organization) na kasama sa simulain ang bansang Thailand, New Zealand, Australia, Pransya, Iran, Britanya at Estados Unidos," sabi ni Ramon Magsaysay



"Ipinatupad ko ang patakarang "Asya para sa mga taga Asya" at higit kong pinahalagahan ang pakikiisa sa mga kalapit bansa sa larangan ng kabuhayan at kultura, kaya ipinanukala ko rin ang ASA (Association of Southeast Asia) na binubuo ng Pilipinas, Thailand at Malaysia," pahayag ni Carlos P. Garcia



"Bilang pangulo ng Ikalimang Republika itinatag ko ang "MAPHILINDO", samahan ng Malaysia, Pilipinas at Indonesia", winika ni Diosdado Macapagal



"Sa aking panunungkulan muli kong binuhay ang ASA at binuo ko ang Samahan ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya (ASEAN)," pahayag ni G. Ferdinand E Marcos


*Naging kapaki-pakinabang ba ang pakikipag-ugnayang panlabas ng Pilipinas para sa kabuhayan ng bansa?*

*Sa aling panahon sa palagay mo naging maayos at maganda ang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa bansa? Sa paanong paraan niya ito isinagawa?*

Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang pakikipag-ugnayan ng kasalukuyang pangulo, Gloria Macapagal Arroyo upang maibigay ang mga pangangailangan ng bansa at ng mamamayan. Pinagsisikapan niyang maiahon ang kalagayang pang-ekonomiya ng bansa at matugunan ang pangangailangan ng taong bayan.

Narito ang van, nasasaad dito ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang panahon.

Ilagay mo sa bawat van ang mga bansa na nakipag-ugnayan ang mga Pilipino.




**PAGSANAYAN MO**

**A.** Isulat mo sa tsart ang ilan sa mga ginagawang pangkalakalan ng Pilipinas sa iba't ibang panahon.

| Panahon ng mga Sinaunang Pilipino | Panahon ng Espanyol | Panahon ng Amerikano | Panahon ng Ikatlong Republika |
|---|---|---|---|
| | | | |

**B.** Sa palagay mo, nakapagbibigay ba ng tulong sa bansa at sa taong bayan ang ginagawang pakikipagkalakalan ng kasalukuyang namumuno sa pamahalaan? Bakit?

## TANDAAN MO

- *May iba't ibang paraan ng pakikipag-ugnayan ang Pilipinas sa iba't ibang panahon na nagbibigay ng kabutihang dulot sa pangkabuhayan at pangkaligtasan ng bansa.*

## ISAPUSO MO

Alam ko na marami ka ng natutuhan sa aralin mo ngayon tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang panahon. Narito ang epekto ng pakikipag-ugnayan nila sa ating bansa. Lagyan ng ☺ kung ikaw ay sang-ayon at ☹ kung hindi ka sang-ayon.

1. Nakikipagpalitan ang bansa sa Mehiko.
2. Ang pagkaalis ng base militar ng Amerikano sa bansa natin.
3. Ang pakikipag-ugnayan ng mga ninuno sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng kalakal sa mga dayuhang Tsino.
4. Pagbili ng mga paninda galing sa iba't ibang bansa.
5. Pakikiisa sa mga kalapit bansa sa larangan ng kabuhayan at kultura na ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia.



## GAWIN MO

Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang hanay na nagpapakita ng paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga ibang bansa sa Pilipinas.

| Paraan ng pakikipag-ugnayan | Sinaunang Pilipino | Espanyol | Amerikano | Ikatlong Republika |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pangkabuhayan | | | | |
| 2. Pangkultura | | | | |
| 3. Panlipunan | | | | |
| 4. Pampulitika | | | | |
| 5. Panrelihiyon | | | | |



## PAGTATAYA

Isulat sa patlang ang titik ng panahon sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas na tinutukoy sa loob ng kahon.

A. Panahon ng Ninuno
B. Panahon ng Espanyol
C. Panahon ng Amerikano
D. Panahon ng Ikatlong Republika

________1. Nakipagkalakalan ang Pilipinas sa Mexico.

________2. Naging kasapi tayo ng United Nations Organization.


________3. Nakipagpalitan ng kalakal ang mga Pilipino sa mga Tsino.

________4. Nakipagkasundo ang Gobernador Heneral sa mga pinuno ng mga bansang Silanganin.

________5. Ang ugnayang panlabas ay pinamamahalaan ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (DFA).

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ka ng Album tungkol sa pakikiupag-ugnayan ng Pilipinas sa panahon ng sinaunang Pilipino, panahon ng Espanyol, Amerikano at Ikatlong Republika.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.